

GREATER THINGS

BAHAGI 4: Mamuhay ng Higit Pa

PANIMULA

Karamihan sa atin ay nagnananais na umunlad at lumago. Gusto nating paghusayin pa ang ating mga kakayahan, talento, pananalapi at relasyon sa mga tao. Subalit may mga bagay sa ating buhay na pakiramdam natin ay walang pag-unlad at kahit ano pa man ang gawin natin ay hindi nagbabago ang ating kalagayan. Hindi dapat tayo mabagabag dahil ang Diyos ay napakalaki at Siya ang may kontrol sa mga bagay-bagay. Iniimbitahan tayo ng ating Diyos na mamuhay ng higit pa sa ordinaryong buhay. Nais Niya na tayo ay mangarap at gawin ang mas dakilang mga bagay. Ikaw at ako ay nakatakdang gawin ang mga bagay ni ginawa ni Hesus, at kahit lalong dakilang mga gawain.

TANONG TALAKAYAN

GISINGIN/PUKAWIN

1. Ibahagi sa grupo ang pinakamahusay na nagawa o nakamtam mo sa buhay. Ano ang iyong naramdaman noong nakamit mo iyon?
2. Naranasan niyo na ba na wala kayong magawa sa inyong sitwasyon? Naramdaman niyo na ba na kahit anong gawin ninyo ay walang pag-unlad sa ilang aspeto ng inyong buhay? Ibahagi sa grupo ang pakiramdam mo na iyon.

MAKIAYON

3. Basahin ang Juan 13:33-14:14. Ano ang mahirap na kalagayan ng mga alagad ni Hesus? Paano pinalakas ni Hesus ang kalooban ng mga alagad sa Juan 14? Ano ang naging pagtugon ng mga alagad?
4. Ano ang pangako ni Hesus sa Juan 14:12? Naranasan mo na bang gawin ang alinman sa mga bagay na ginawa ni Hesus? Kung oo, paano mo ito nagawa?
5. Basahin ang aklat ng Mga Gawa 10:38. Ano ang mga ginawa ni Hesus?

GAWIN

6. Ibahagi sa grupo ang isang karanasan mo sa paggawa ng mabuting bagay para sa ibang tao. Ano ang naging pakiramdam mo sa paggawa noon?
7. Ano ang humahadlang sa iyo sa paggawa ng mabuting bagay para sa iba? Ano ang mga bagay na maaari mong gawin upang maging kusa ang paggawa mo ng mga mabuting bagay para sa iba?
8. Naranasan mo na bang manalangin sa isang may sakit? Ibahagi ang iyong karanasan.
9. Ano ang humahadlang sa iyo sa pananalangin para sa mga may sakit? Paano ka magkakaroon ng kusa sa pananalangin para sa mga may sakit?
10. Magbahagi ang bawat isa kung paano kayo (bilang isang grupo) mananalangin para sa mga may sakit. Magtakda ng isang iskedyul sa loob ng dalawang linggo at gawin ito.

PAGSULONG

Ginawa ni Hesus ang mabubuting mga bagay at pinagaling niya ang lahat. Inaasahan Niya na gawin din natin ang mga bagay na iyon at Siya ay may tiwala na magagawa natin iyon at higit pa. Ang kailangan lang natin ay magtiwala sa Kanya. Kaya't gumawa tayo ng mga dakilang bagay saan man tayo naroroon. Matuto tayo na pagsilbihan ang iba at gumawa ng mabubuting mga bagay sa mga taong nakapaligid sa atin. Asahan natin na may mga himalang maaaring mangyari sa tuwing tayo ay mananalangin para sa mga may sakit. Ngayon ang panahon upang mamuhay tayo ng higit pa sa ordinaryo at gawin natin ang mga dakilang mga bagay.

PAGPAPANIBAGONG ISIP

*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama. **Juan 14:12***